

ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

Mga Alternatibong Pagtatasa sa California (California Alternate Assessments (CAAs)) para sa Sining ng Wikang Ingles, Matematika, at Agham

Gumagamit ang guro ng inyong anak ng mga marka ng report card, gawain sa silid-aralan, mga obserbasyon ng guro, at mga resulta ng pagsusulit sa buong estado sa pagtatapos ng taon upang makakuha ng kumpletong larawan ng pag-aaral ng inyong anak.

Sino ang kumukuha ng mga pagsusulit na ito?

Kukunin ng lahat ng estudyanteng nasa baitang 3–8 at 11 na ang indibidwal na programa sa edukasyon (IEP) ay nagtatakda ng alternate assessment ang Mga CAA sa wikang Ingles, sining at matematika. Kukunin din ng inyong anak ang alternate assessment para sa siyensya sa baitang 5 at 8 at isang beses sa high school, sa baitang 10, 11, o 12.



Bakit kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Gagamitin ng mga resulta ang mga pamantayan ng alternate achievement para matukoy kung saan mahusay ang inyong anak o kung saan siya nangangailangan ng dagdag na tulong, para mas masuportahan ninyo ang kaniyang pag-aaral sa bahay, at para mas masuportahan ng mga guro ang kaniyang pag-aaral sa silid-aralan.

Kailan kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Nagaganap ang mga pagsusulit sa sining ng wikang Ingles at matematika tuwing tagsibol. Nagaganap ang pagsusulit sa siyensya sa buong taon, kung saan may ibibigay sa estudyante na apat na gawain sa pagganap kapag naituro na ang konsepto ng siyensya. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa iyong paaralan tungkol sa mga tiyak na petsa at oras ng pagsusulit.

Paano kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Kinukuha ang mga pagsusulit na ito sa computer, nang harapan kasama ang tagapangasiwa ng pagsusulit na kilala ang inyong anak at alam ang kaniyang mga pangangailangan.

Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila habang kinukuha ang mga pagsusulit na ito. Bukod sa mga nakalista sa kanilang mga aktibong IEP, maaaring gumamit ang mga estudyante ng ibang mga kagamitang panturo o pisikal, gaya ng pagsasaling-wika sa ibang wika ng tagubilin sa silid-aralan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa iba pang mga kagamitang maaaring makatulong sa inyong anak.

Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa <https://ca.startingsmarter.org> para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.
- Kumuha ng isang pagsasanay na pagsusulit kasama ang inyong anak sa <https://www.caaspp.org/practice-and-training/index.html>.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.



Hulyo 2024